# Mga Numero ng Social Security para sa Mga Hindi Mamamayan

## Ano ang nasa loob

Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ang numero ng Social Security? 1

Paano ako makakakuha ng numero at card ng Social Security? 2

Ano ang kailangan kong dalhin sa tanggapan ng Social Security? 2

Kailan ako dapat mag-apply? 3

Magkano mag-apply para sa numero at card ng Social Security? 3

Paano kung kailangan ko ng numero para sa iba pang dahilan? 3

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 4

## Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ang numero ng Social Security?

Maliban kung ikaw ay isang hindi mamamayan (non-citizen) na nagnanais na magtrabaho sa United States, marahil ay hindi mo kailangan ng numero ng Social Security.

Sa pangkalahatan, tanging ang mga hindi mamamayang pinayagan ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Tinubuang-Bayan o DHS) na magtrabaho sa United States ang maaaring makakuha ng numero ng Social Security. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang iulat sa gobyerno ang mga sahod ng indibidwal at upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng isang tao sa mga benepisyo sa Social Security. Kailangan mo ng numero ng Social Security upang makapagtrabaho, makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security, at makatanggap ng iba pang serbisyo ng gobyerno.

Ang mga legal na kinikilalang hindi mamamayan ay maaaring makatanggap ng maraming benepisyo at serbisyo nang walang numero ng Social Security. Hindi mo kailangan ng numero upang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho, magparehistro para sa paaralan, makatanggap ng pribadong segurong pangkalusugan, o mag-apply para sa mga programa ng pananghalian sa paaralan o tulong sa pabahay.

Gumagamit ng mga numero ng Social Security ang ilang organisasyon upang tukuyin ang pagkakakilanlan mo sa kanilang mga talaan. Gayunpaman, maaaring tukuyin ng karamihan sa mga ito ang pagkakakilanlan mo sa ibang paraan kung hihilingin mo.

Hindi kami maaaring magtalaga ng numero ng Social Security sa iyo para lang makakuha ka ng lisensya sa pagmamaneho o serbisyo kung saan may kinakailangang pagsusuri sa pagkakautang (credit check).

Bagama't maraming kumpanya, gaya ng mga bangko at kumpanyang nagpapautang, na maaaring humingi ng iyong numero ng Social Security, karaniwang hindi mo kinakailangang magbigay nito kung wala ka nito.

## Paano ako makakakuha ng numero at card ng Social Security?

Kung isa kang imigrante, may dalawang paraan kung paano ka makakapag-apply:

- Maaari kang mag-apply sa bansang pinagmulan mo bago ka pumunta sa United States, kapag nag-file ka ng aplikasyon para sa immigrant visa sa U.S. Department of State. Sa halos lahat ng pagkakataon, kung mag-a-apply ka para sa numero at card ng Social Security gamit ang iyong aplikasyon para sa immigrant visa, hindi mo kailangang pumunta sa isang tanggapan ng Social Security sa United States. (Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/ssnvisa***); o
- Maaari kang bumisita sa isang tanggapan ng Social Security nang personal. (Tingnan ang seksyon sa ibaba para sa kailangan mong dalhin sa tanggapan ng Social Security).

Kung hindi ka imigrante, may dalawang paraan kung paano ka makakapag-apply, depende sa status ng visa mo:

- Kung legal kang namamalagi sa United States at plano mong mag-apply para sa awtorisasyong magtrabaho mula sa U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Pandarayuhan ng U.S. o USCIS) ng DHS, maaari kang mag-apply para sa iyong SSN sa katulad na Form I-765 (Application for Employment Authorization (Aplikasyon para sa Awtorisasyong Magtrabaho)) ng USCIS. (Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa ***www.ssa.gov/ssnvisa/ebe.html***).
- Kung legal kang namamalagi sa United States at maaari kang magtrabaho ayon sa status ng iyong visa, dapat kang pumunta sa isang tanggapan ng Social Security nang personal upang mag-apply.

## Ano ang kailangan kong dalhin sa tanggapan ng Social Security?

**Kailangan mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan at status ng pandarayuhan na may awtorisasyon sa pagtatrabaho.**

Upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan at status ng pandarayuhan na may awtorisasyon sa pagtatrabaho, ipakita sa amin ang iyong mga kasalukuyang dokumento sa pandarayuhan sa U.S. at ang banyagang pasaporte mo na hindi pa napapaso. Kabilang sa mga katanggap-tanggap na dokumento sa pandarayuhan ang iyong:

- Form I-551 (Permanent Resident Card, Machine-Readable Immigrant Visa);
- Admission stamp na nagpapakita ng uri ng pananatili na nagpapahintulot ng pagtatrabaho;
- Form I-94 (*Arrival/Departure Record (Talaan ng Pagdating/Pag-alis)*); o
- Form I-766 *(Employment Authorization Document/EAD (Dokumento ng Awtorisasyon sa Pagtatrabaho))*.

**Mga exchange visitor:** Kung isa kang J-1 o J-2 exchange visitor, kailangan din naming makita ang iyong DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status (Certificate ng Pagiging Kwalipikado para sa Status na Exchange Visitor) o ang iyong EAD*. Kung isa kang mag-aaral ng J-1, mag-aaral na intern, o bisita mula sa ibang bansa, dapat kang magbigay ng sulat mula sa iyong isponsor. Dapat ay may letterhead ng isponsor ang sulat, at mayroon itong orihinal na lagdang nagpapahintulot sa pagtatrabaho mo.

**Mga pandaigdigang mag-aaral o international student:** Kung isa kang mag-aaral ng F-1 o M-1, kailangan naming makita ang iyong Form I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status (Certificate ng Pagiging Kwalipikado para sa Status na Hindi Nandarayuhang Mag-aaral) o ang iyong liham ng Designated School Official (Nakatalagang Opisyal ng Paaralan o DSO)*. Para sa impormasyon tungkol sa iba pang dokumentong dapat ibigay ng mga mag-aaral, hingin ang *Mga Pandaigdigang Mag-aaral at Mga Numero ng Social Security* (Publication No. 05-10181-TL).

### Kailangan mong patunayan ang iyong edad.

Dapat mong ipakita ang iyong banyagang birth certificate kung mayroon ka nito o kung makukuha mo ito sa loob ng 10 araw ng negosyo. Kung hindi naman, maaari naming isaalang-alang ang iba pang dokumento, gaya ng iyong hindi pa napapasong pasaporte o dokumentong ibinigay ng DHS, gaya ng patunay ng iyong edad.

### Kailangan mong magsagot ng aplikasyon.

Kakailanganin mong sumagot ng *Aplikasyon para sa Card ng Social Security* (Form SS-5). Magagawa mo ito sa tanggapan ng Social Security o makakakuha ka ng kopya ng form na ito sa aming website, na maaari mong i-print at dalhin.

**Mahalaga:** Ang lahat ng dokumento ay dapat na orihinal o mga kopyang pinatunayan ng ahensyang nagbigay ng mga ito. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o napanotaryong kopya ng mga dokumento. Hindi rin kami maaaring tumanggap ng resibong nagpapakitang nag-apply ka para sa dokumento.

Maaari naming gamitin para sa dalawang layunin ang iisang dokumento. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong DHS EAD bilang patunay ng pagkakakilanlan mo at ng iyong status ng pandarayuhan na may awtorisasyon sa pagtatrabaho. Maaaring magsilbing patunay ng edad ang iyong birth certificate o pasaporte. **Gayunpaman, dapat kang magbigay ng hindi bababa sa dalawang magkahiwalay na dokumento.**

## Kailan ako dapat mag-apply?

Inirerekomenda naming maghintay ka nang 10 araw pagkarating mo sa United States bago mag-apply para sa numero ng Social Security upang mapadali para sa amin na patunayan ang iyong mga dokumento mula sa DHS online, na magpapabilis sa pagpoproseso sa iyong aplikasyon para sa numero ng Social Security.

Ipapadala namin ang iyong card ng numero ng Social Security sa oras na matanggap namin ang lahat ng iyong impormasyon at maipa-verify namin mula sa mga nagbigay na tanggapan ang mga dokumento mo.

## Magkano mag-apply para sa numero at card ng Social Security?

Libre ang pag-a-apply para sa numero at card ng Social Security.

## Paano kung kailangan ko ng numero para sa iba pang dahilan?

Kung hindi ka awtorisado ng DHS na magtrabaho sa United States, makakakuha ka lang ng numero ng Social Security kung mapapatunayan mong kailangan mo ito para sa valid na dahilang hindi para sa pagtatrabaho. Halimbawa, maaaring mangyari iyon kung kinakailangan ng pang-estado o pederal na batas na magkaroon ka ng numero ng Social Security upang makatanggap ng mga benepisyong tiyak na karapatan mo nang matanggap.

Kung kailangan mo ng numero para sa pagbubuwis, at hindi ka awtorisadong magtrabaho sa United States, maaari kang mag-apply para sa *Individual Taxpayer Identification Number* (Identification Number ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis o ITIN) mula sa Internal Revenue Service (Serbisyo ng Rentas Internas o IRS). Bisitahin ang IRS nang personal, o tumawag sa toll-free na numero ng IRS na **1-800-TAXFORM** (**1-800-829-3676**), at humingi ng Form W-7, *Application For An Individual Taxpayer Identification Number (Aplikasyon para sa Identification Number ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis)*.

Kung hihingan ka ng negosyo o ahensya ng gobyerno ng numero ng Social Security at hindi ka awtorisadong magtrabaho sa United States, tanungin kung maaari nilang tukuyin ang iyong pagkakakilanlan sa ibang paraan. Sa karamihan ng sitwasyon, matatanggap mo ang serbisyo o lisensyang kailangan mo nang walang numero ng Social Security.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10096-TL | March 2018
Mga Numero ng Social Security para sa Mga Hindi Mamamayan
Social Security Numbers for Noncitizens (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito